

مكتافة
mukatafa



Isang Komprehensibong Gabay
Para sa **Pagpapatupad ng mga
Protokol** sa Pag-iwas para sa
Paghinto ng Pagkalat ng Covid-19

Unang Edisyon 2- 2021

Partners



وزارة التجارة
Ministry of Commerce

وزارة الشؤون البلدية
والقرية والإسكان
Ministry of Municipal Rural Affairs & Housing



وزارة الصحة
Ministry of Health



مجلس الغرف السعودية
Council of Saudi Chambers

SDAIA
الهيئة السعودية للبيانات
والذكاء الاصطناعي
Saudi Data & AI Authority



Introduksyon

Ang Layunin ng Gabay

Simula ng pagkalat ng Covid19- na pandemya, ang gobyerno ng Kaharian ng Saudi Arabia ay ginawa ang buong makakaya upang labanan ang pagkalat at pigilan ang virus. Itinuon nila ang lahat ng kakayahan nila at mapagkukunan na kakailanganin upang maiwasan ang pagkalat nitong epidemya at panatilihin na mabuti ang kalusugan ng bawat indibidwal. At dahil ang ang pagtutulungan ay ang susi upang magawa ang layunin, lalo na sa pambihirang kalagayan ng panahon ngayon na kinakaharap ng mundo dahil sa pandemia na covid - 19, ang Saudi Data at Artificial Intelligence Authority "SDAIA" ay naglabas ng application na "Tawakkalna", upang masuportahan ang gobyerno sa kanilang pag sisikap upang maharap ang Corona Virus.

Ang application na ito ay umaayon sa parehong pandaigdigan at pambansang direksyon na nakatuon sa pangangailangang sundin at maglapat ng pag-iiwas at pag-iingat na protokol at hakbang, sapagkat ito ang pinaka epektibong paraan upang maharap ang sakit at mapigilan ang pagkalat nito. Ang mga pagsisikap ay hindi limitado sa ahensiya ng mga gobyerno lamang, kundi pati na rin sa mga indibidwal, kumpanya at institusyon upang maging matagumpay ang layunin na ito at makamit ang ninanais na layunin ng gobyerno.

Itong gabay ay dinisenyo at ginawa upang bigyan ang mga indibiduwal at mga establisyemento ng isang komprehensibong instrukon kung paanong ipapatupad itong mga hakbang sa pag-iingat sa iba't-ibang pangkomersyong establisyemento.

Talaan ng Nolalaman

Mga Mahalagang Termino.....	5
Tawakkalna na aplikasyon.....	5
Mga espesyal na permit para sa mga komersyal na establisimiyento.....	12
Mga regulasyon sa kaligtasan ng kostumer.....	12
Bago pumasok sa komersyal na establisyemento.....	12
Proteksyon sa pagpasok ng kostumer para sa mga Wholesale at Retail na Tindahan, Mall at mga Commercial Center.....	13
Mga hakbang sa pag-iwas sa loob ng Wholesale at Retail na Tindahan, Mall at Commercial Cente.....	14
Protokol sa pag pasok para sa mga restawran at café.....	15
Protokol para sa paglilinis para sa restawran at café.....	16
Protokol sa paglabas ng client mula sa mga establisimiyento.....	17
Protokol kung paano pakikitunguhan sa mga kostumer na hindi sumusunod.....	17
Protokol sa Pag-uulat.....	18
Protokol sa pagpasok sa mga komersyal na establisyemento kung ang ang Tawakkalna na aplikasyon ay hindi gumagana.....	18
Mga madalas itanong.....	19
Makipag-ugnayan sa amin.....	21

1 – Mga Mahalagang Termino

Tawakkalna Application:

Isang aplikasyon ng gobyerno na idinisenyo upang makatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID19- na virus.

Kapasidad ng Pasilidad:

T Ang pinapayagan na bilang ng mga tao sa loob ng pasilidad ay katumbas ng lugar ng pasilidad ÷ sa 9

Tinatayang Radius ng lugar:

Ang pinakamahabang bahagi ng lugar ng pasilidad na pang-komersyo ÷ sa 2

2 - Ang aplikasyon na Tawakkalna

Ang Tawakkalna na aplikasyon ay inilunsad sa simula ng pandemia upang makatulong sa pamamahala ng pagbibigay ng pahintulot sa elektronikong pamamaraan habang nasa panahon ng curfew para sa mga empleyado ng mga sektor ng gobyerno, mga pribadong sektor, pati na rin ang mga indibiduwal, sa pakikipagtulungan sa Ministry of Health at pati na rin ang ibang ahensya ng gobyerno, na nakatulong na mabawasan ang pagkalat ng Corona Virus sa loob ng kaharian.

Sa panahong unti-unting pagbalik sa normal na kalagayan at paghakbang sa pag-iwas, ang aplikasyon ay naglabas ng maraming bago, mabisa at mahalaga na serbisyo na tumutulong upang makamit ang ligtas na pagbalik sa normalidad, ang pinaka-kapansinpinsin ay ang pagtukoy ng estado ng kalusugan ng gumagamit ng aplikasyon sa pamamagitan ng mga may kulay na code na nagsasabi kung ano ang pinakamataas na antas ng kaligtasan at pagkapribado.

Kasama rin sa bagong serbisyo nito ang pag-activate ng pamamahala ng mga pagtitipon na idinisenyo upang ang gumagamit ay maaaring humingi ng pahintulot na magdaos ng mga kaganapan p pagtitipon, pati na rin ang pamantayan na kinakailangan para sa bilang ng mga taong pinapayagan na pumasok sa isang komersyal na establisyemento o ang pagtitipon, upang malimitahan ang pagkalat ng Corona virus.

Ang nagsasagawa ng pagtitipon (mula sa gobyerno, komersyo, o indibidwal) ay maaaring humingi ng pahintulot upang magsagawa ng isang pagtitipon para sa espesipikong lugar mula sa espesipikong klase ng okasyon para sa pagtitipon at ang bilang ng tao na maaaring pumasok.

Mga Uri ng mga pagtitipon ay kinakatawan sa mga sumusunod na kategorya:

- **Katauhan ng gobyerno:** Isang permiso ng event para sa gobyerno
- **Katauhan ng komersyo (lugar ng komersyo, mall, establisyemento ng komersyo):** Isang Permiso sa pagtitipon ng komersyo
- **Indibiduwal:** Pang personal na permit sa pagtitipon

Mga Tuntunin at kundisyon upang gamitin ang serbisyo:


- Ang gumagamit (ang aplikante para sa permit at mga tao na dadalo sa pagtitipon) ay mayroong account sa aplikasyon ng Tawakkalna.
- Ang mga nagkaroon ng malapit na kaugnayan o nagkaroon ng virus o mga pinaghihinalaan na nagkaroon ng virus ay hindi maaaring makadalo sa pagtitipon.
- Hindi pinapahintulutan na magkaroon ng higit sa tinutukoy na bilang ng mga dadalo sa bawat pagtitipon
- Ang gumagamit ay kusang naka-logout mula sa pagtitipan pagkatapos lumayo ng 200 na metro mula sa lugar kung saan ginaganap ang pagtitipon, kung sakaling hindi niya mai-logout ng manu-mano.

2-1 Permit Para sa mga Komersyal na Establisyemento

Ang Tawakkalna na aplikasyon ay hinahayaan ang mga establisyemento na magkaroon ng permiso para sa mga komersyal na pagtitipon habang naglalapat ng mga pamamaraan na tinitiyak ang kalusugang ng mga bisita sa pasilidad at mga trabahador nito, pati na rin ang pagpapanatili ng kapasidad ng pasilidad.

2-2 Paggawa ng permit para sa Iyong Komersyal na Establisyemento

Sundin ang mga sumusunod na mga hakbang:



- 1- Gumawa ng account sa Tawakkalna
- 2- Pindutin ang "view all" o pumunta sa services page




- 3- Pindutin request new permit



- 4- Pindutin ang "request permit for gathering"



5- Pindutin ang "create a commercial event"



6- Punan ang data at ang lokasyon ng pagtitipon


7- Pindutin ang request permit

2-3 Pagdaragdag ng Isang Awtorisadong Indibidwal sa Permisong Pagtitipon


Upang magparehisro ang isang awtorisadong indibidwal upang makuha ang permit para sa komersyal na establisyemento, sundin ang mga sumusunod na hakbang:




1- Puntahan ang "Services Page"




2- Piliin ang "Gatherings Permit"



3- I-click sa "Gatherings Permit"



4- I-click sa "+" sign na nasa "Persons authorized to view the permit" field



5- Ilagay ang impormasyon ng indibiduwal na bibigyan ng awtoridad
6- I-click ang "Add" button

2-4 Mag Log-out Mula sa Pagtitipon

Maaari kang mag log out mula sa pagtitipon sa mga sumusunod na paraan:

2-4-1 Awtomatiko, ang isang tao ay awtmatikong mai-log out ng isang beses kapag siya ay nasa 200 metro ang layo mula sa lokasyon ng pagtitipon.

○

2-4-2 Gamit ang app sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:



1- Pindutin ang "View All"
2- Pindutin ang "Personal Permit"

3- Piliin ang "Gathering Permit"
na gusto mong mag log out



4- Siguraduhin na ibura ang
barcode ng pagtitipon



5- Pindutin ang log out

3. Mga Uri ng Permit para sa Komersyal na Establisyemento

Ang pasilidad ay maaaring makakuha ng permit para sa mga kostumer at empleyado, na may posibilidad na makakuha ng opsyonal na permit, kahit na ang aplikasyon ay hindi nagpapataw ng paghihigpit sa bilang ng mga pahintulot na ibibigay.

Permit Para sa Komersyal na Establisyemento:

Kung saan ang kapasidad ng pahintulot ay nirerepresenta ng lugar ng pasilidad na ÷ sa 9

Opsyonal na Permit:

Ito ay permit para sa mga nagbibigay ng serbisyo sa paghahatid sa bahay at ang kapasidad nito ay: Ang paradahan ng pasilidad ÷ 9

4. Mga Regulasyon sa Kaligtasan ng Kostumer

Ang mga hakbang sa pag-iwas na kayang ipatupad ng mga komersyal na pasilidad upang masiguro ang kaligtasan ng kostumer ay nahahati sa dalawang bahagi; bago pumasok ang kliyente sa pasilidad at habang sila ay nasa pasilidad.



5. Bago Pumasok sa Komersyal na Establisyemento

- Paglagay ng palatandaan o sticker sa pasukan para ikontrol ang pag pasok at itiyak ang distansya ng bawat isa
- I-organisa ang pagpasok ng kostumer sa dalawang pila, una ay para sa mga nagdownload ng Tawakkalna na aplikasyon, at ang pangalawa ay ang pagrehistro ng mano-mano na walang aplikasyon o smartphone.
- Ilagay ang mga banners para sa mga kostumer na nakaranas ng paraan ng protokol sa pag-access kasama ng barcode para sa pahintulot ng kostumer
- Upang siguraduhin ang mabilis na pamamaraan, mas mainam na ang kostumer ay mag-login sa Tawakkalna na aplikasyon.




6. Protokol sa pagpasok ng Kostumer sa Wholesale

at Retail na mga tindahan, Mall at mga Commercial Center

- Pagkuha ng temperatura ng kostumer sa pasukan at hindi hahayaan na ang mga indibidwal na may 38 degrees Celsius na pumasok sa loob.
- Iwasang pumasok ang mga kliente na hindi pumapayag na magsuot ng facemask o bagay na nagtatakip sa kanilang ilong at bibig.

Itong dalawang pamamaraan na ito ay ginagawa bago mag-login sa aplikasyon upang mapabilis ang proseso:

- Mga indibidwal na nag login sa Tawakkalna application, na may kumpirmasyon na nakarehistro mula sa pasilidad.
- Maglogin ng manu-mano para sa mga indibidwal na walang aplikasyon o smartphone
- Magtalaga ng isang manager upang mamahala sa pagpapatupad ng protokol sa pasukan at labasan sa loob ng malalaking tindahan kasama ang kooperasyon ng Security and Safety Department (kung meron) karagdagan sa koponan ng seguridad at empleyado.
- Sa mga maliliit na sentro ng komersyo tulad ng grocery stores at mini markets, isang trabahador mula sa parehong tindahan ay maaaring pamahalaan ang pagpapatupad at mga hakbang sa pagiwas upang maiwasan ang pagsisiksikan. Ang mga establisyemento na may iisang trabahador ay maaring maglagay ng audio device sa pasukan upang makuha ang temperatura ng mga kostumer na pwedeng maglabas ng naririnig na alerto kapag ang temperatura ng kostumer ay mataas.
- Ang mga kasali sa loob ng pagtitipon ay maaaring mag-logout mula sa aplikasyon sa pagtatapos ng araw ng trabaho upang patuloy na mapabuti ang serbisyo.
- At dahil ang Tawakkalna na aplikasyon ay hindi kasama sa pagkonsumo ng data, ang mga gumagamit na walang data sa kanilang phone ay maari pa ring mag login sa aplikasyon gamit lamang ang collection code.



7. Mga Hakbang sa Pag-iwas sa Loob ng Wholesale

at Retail na tindahan, Malls at mga Commercial Center

Dapat sumunod ang mga komersyal na establisimiyento sa pagpapatupad sa mga sumusunod na hakbang sa pag-iwas na ginagarantiya ang kaligtasan ng empleyado sa loob ng lugar ng trabaho, lalo na sa mga nakakatanggap ng mga kliente ng sunod-sunod

- Mag suot ng mask at pansariling kagamitan sa pagprotekta sa lahat ngpagkakataon sa loob ng pasilidad
- Maglaan ng hand sanitizer na mayroong %80-60 na alcohol at kaayon sa sinasaad ng Food and Drug Authority
- Payagan ang mga empleyado na nasa peligro na magkaroon ng virus na magtrabaho sa bahay
- Maglagay ng sticker sa sahig para mai-ayon ang distansiya mula sa empleyado pati na rin sa empleyado at kostumer sa loob ng abala na lugar ng trabaho (Tulad ng: mga opisina ng Customer Service)
- Panatilihin ang inirerekomenda na social distancing na advice (isa't kalahating metro) mula sa mga empleyado/kliyente sa loob ng tindahan na abala sa lahat ng pagkakataon (Tulad ng: Pasukan, Mga counter ng Customer Service, at labasan)
- Gamitin ang floor sticker sa mga escalator para siguraduhin na ito ay ginagamit ng paisa-isang tao, maliban sa pagkakaroon ng 6 na kakbang na distansiya mula sa mga bawat indibidwal
- Pagdidisimpekta sa mga pasilidad sa lahat ng lugar na nahawakan ng empleyado/kostumer (tulad ng cash register, istante, palikuran) kahit na isang beses sa isang araw
- Pagdisimpekta sa mga shopping cart at basket pagtapos gamitin (kung meron man)
- Itigil ang paggamit ng pampublikong touch screen (tulad ng information screen)
- Pagtapon ng mga kagamitan na pwedeng magkahiraman sa loob (tulad ng: lapis upang masulatan ang worksheet, at mga device na maaaring ginagamit din ng iba tulad ng drinking water fountains, etc.)
- Siguraduhin na ang klase ng basurahan ay hindi na kailangan pang hawakan at ang basura ay kinukuha at tinatapon ng madalas
- Pinapayagan ang mga lugar sa parking na walang paghihigpit, nagbibigay ng valet parking
- Isarado ang pampublikong lugar ng pagupo, lugar ng pagkain, sinehan, bulwagan ng paglalaro
- Isarado ang lugar para sapag lilibang at lugar ng paglaro, kasama na ang para sa mga bata
- Isarado ang mga fitting room

8. Protokol sa Pagpasok sa Kainan at mga Café

Ang mga kainan at café ay dapat sumunod sa mga sumusunod na protokol kapag pinapapasok ang mga kliyente at kostumer:

- Ang bawat indibidwal ay dapat mag-login sa komersyo na pagtitipon gamit ang Tawakkalna na aplikasyon, kasama ng kompirmasyon mula sa pasilidad.
- Ang pasilidad ay maaaring I-login ang mga tao na walang smartphone o walang Tawakkalna application gamit ang manu-mano na pagrehistro sa aplikasyon na kung saan ay ang awtorisadong tao ay dapat mag enter ng national ID number / tinitirhan at araw ng kapanganakan ng tao na dapag mag-login
- Tumanggap ng receiving pick orders at external delivery lang, ang pagkain sa loob ay hindi tinatanggap sa loob ng kainan
- Maaaring tumanggap ng delivery vehicle request tulad ng dati na hindi na kailangan pang gumawa ng espesyal na permiso
- Ipinagbabawal na magbigay ng serbisyo sa kung sino ang hindi sumunod sa pagsuot ng mask o isang bagay na tumatakip sa bibig at ilong
- Kunin ang temperatura ng mga kostumer sa pasukan, at huwag hayaang papasukin ang mga kostumer na may 38 degrees Celsius pataas na pumasok sa loob
- Sa panahong ang mga home delivery service ay masikip sa loob ng parking, ang pasilidad ay dapat gumawa ng espesyal na pagtitipon na permit, na dapat ay ang tao na mag dedeliver ay mag-login sa aplikasyon
- Dahil ang Tawakkalna na aplikasyon ay hindi kasama sa pagkonsumo ng data, ang mga gumamit na walang internet data sa phone at maaaring mag login sa aplikasyon gamit ang collection code
- Lahat ng mga kalahok sa pagtitipon ay maaaring mag-logout sa aplikasyon pagkatapos ng araw ng trabaho upang patuluyang mapabuti ang serbisyo

9. Protokol sa Paglilinis para sa Kainan at mga Café

Ang mga café at mga kainan ay dapat sumunod sa mga sumusunod na protokol sa paglilinis sa kanilang establisimento:

- Ang trabahador ay dapat magsuot ng cloth na mask o nagtatakip sa ilong at bibig sa lahat ng pagkakataon sa lugar na kung saan ang mga pagkain at mga inumin ay hinahain
- Mayroong alcohol hand sanitizers na madaling matunton at siguraduhin na ito'y naglalaman ng %80-60 ng alcohol at sumunod sa panuntunan ng Food and Drug Authority
- Ang pasilidad ay dapat maglagay ng floor sticker na may isa at kalahating metro ang pagitan upang pagbuklurin ang mga tao sa lugar na kung saan ito ay masikip tulad ng pag mga ordering counters at pick-up counters
- Pagdiriin sa mga trabahador na dapat mag hugas ng kamay palagi at paulit ulit sa loob ng labing apat na Segundo, habang nasa panahon ng trabaho, maaring sa paggamit ng tubig o alcohol-based hand sanitizer sa loob ng panahong wala pang dalawampung Segundo, lalo na kapag ang sabon at tubig ay wala, habang nasa sumusunod na pagkakataon:
 - Kapag sinisimulan ang paghahanda ng pagkain
 - Pagtapos gamitin ang palikuran
 - Pagtapos mahawakan ang likido sa katawan at pagpapawis
 - Pagtapos magkaron ng direktang contact sa katrabao o kliyente
 - Pagtapos hawakan ang mga gamit na maaaring kontaminado (tulad ng: gloves, damit, mask o basurahan)
 - Pagtapos hubarin ang gloves o mask
- Gamitin ang barcode scanners gamit ang cellphone para makita ang menu
- Gamitin ang isang-gamitan na mga kubyertos kapag kakain kung ito ay pinapahintulutan
- Isterilize ang mga lugar na kung saan ito ay ginagamit ng patuloy, mas mainam kung ang disinfectant ay aprubado ng Food and Drug Authority, at gamitin ang "Sodium hypochlorite" (tulad ng: Chlorine disinfectant o katulad nito)
- Maglaan ng pansariling kagamitan sa pagprotekta para sa mga trabahador, tulad ng: medical or cloth mask, o anumang bagay na nagtatakip sa ilong at bibig, hair net, at isang gamitan na body suit
- Pagsuot ng Pansariling kagamitan sa pagprotekta ng mga trabahador sa delikado na departamento, tulad ng: Chef at tagaluto, trabahador sa paghanda ng pagkain, mga nag titimpla ng mga inumin, at palitan ito palagi
- Ihanda ang disinfectant at gamitin ito ayon sa instruksyon ng gumawa upang masiguro ang kaligtasan at kalusugan ng trabahador ng disinfection, siguraduhin ang gamit ng pansariling kagamitan sa pagprotekta, at iwasang ihalo-halo ang iba't ibang disinfectant na chemical

- Linisan at i-disinfect ang mga palikuran panapanahon sa buong panahon, siguraduhin na mayroong maayos na bentilasyon, bawasan ang temperature at patuloy na bantayan ito
- Regular na palitan at linisan ang filter ng hangin para sa sistema ng bentilasyon, lalo na ang mga air conditioner.

10. Protokol ng Pag-Exit ng Kliyente Mula sa

Establisyemento

Ang mga establisyemento ay dapat sundin ang mga hakbang upang siguraduhin ang kaligtasan ng mga kostumer habang lumalabas:

- Makamit ang social distancing at pag-iwas ng pagsisiksikan
- Pumili mula sa isa sa mga paraan upang mag-logout mula sa permit para sa pagtitipon: Awtomatiko o manu-mano
- Ang establisyemento ay may karapatang i-logout ang lahat ng kliente sa panahong nananalangin at pagsarado o kapag magkaroon ng teknikal na problema sa aplikasyon
- Lahat ng nasa pagtitipon ay maaaring mag-logout mula sa aplikasyon pagtapos ng oras ng trabaho upang patuloy na mapabuti ang serbisyo. Ang komersyal na establisyemento ay maaaring maglagay ng nagpapaliwanag na instruksyon para sa pag-logout gamit ang barcode sa pagtitipon sa cash register o labas na pintuan



11. Protokol Kung Paano Pakikitunguhan ang Hindi

sumusunod na Kliyente

Ang pasilidad ay dapat sundin ang mga sumusunod na proseso sa mga kostumer na hindi sumusunod sa mga hakbang sa pag-iwa:

- Igiit na kailangan sumunod sa proseso o umalis sa pasilidad
- Sa panahong ang kostumer ay hindi nakikipag tulungan, tumawag sa 911 at magrehistro ng opisyal na notification upang masiguro na ang pasilidad ay hindi papailalim sa kahit anong parusa

12. Protokol sa Pag-uulat

Sa panahon na may maaaring kaso ng virus na nahawaan, dapat sumunod sa mga sumusunod na proseso:

- Maglaan ng silid sa pagbubuklod kung sakaling may hinala ng impeksyon ng COVID - 19
- Ipaalam ang nararapat na mga awtoridad sa kahit sinong empleyado na mayroong temperatura na 38 degrees Celsius pataas at ihiwalay ang empleyado hanggang sa pumunta siya sa health care facility (batay sa instruksyon ng nakasaad na tinutukoy sa field)
- Ipaalam sa nararapat na mga awtoridad sa pangyayari na kung saan ang isang empleyado ay positibo sa Covid19- na virus at sumunod sa mahahalagang mga direktiba

13. Protokol Upang Pumasok sa mga Komersyal na

Establisyemento kung ang Tawakkalna na Aplikasyon

ay Hindi Gumagana

Sa panahong ang Tawakkalna na aplikasyon ay nakakaranas ng teknikal na problema at hanggang sa makita ang dahilan ng problema, at nakita na ang solusyon, ang mga sumusunod na protokol ay kailangan sundin sa mga sumusunod na kaso:

Sa panahong ang sira ay limitado sa pasilidad ng pamamahala ng serbisyo, ang may-ari ng pasilidad ay dapat sumunod sa mga sumusunod na hakbang:

- Makipag-ugnayan sa customer service ng Tawakkalna na aplikasyon at sabihan sila tungkol sa sira
- Gamitin ang health status card feature upang malaman ang estado ng kalusugan ng gumagamit sa loob ng pagtitipon
- Tingnan ang temperatura ng kostumer sa mga pasukan at hindi papasukin ang mga tao na mayroong 38 degrees Celsius pataas
- Huwag papasukin ang mga kliyente na hindi nagsusuot ng mask o kung ano pa man na nag tatakip sa kanilang ilong o bibig
- Maglagay ng floor sticker upang ma organisa ang pagsikip ng lugar upang masiguro na may espasyo mula sa kostumer (tulad ng: pasukan, labasan, elevator at palikuran)
- Alamin ang bilang ng tao na pumapasok sa bawat tindahan [Isa na kostumer sa bawat 9 square meter sa loob ng espasyo ng tindahan] at paglagay ng mga karatula na naghahayag ukol sa kapasidad ng pasilidad

Sa panahong ang serbisyo ng aplikasyon ang tuluyang tumigil, maaaring sundin ang mga sumusunod na hakbang:

- Makipagugnayan sa Customer Service ng Tawakkalna na aplikasyon at ipagbigay alam ang tungkol sa sira
- Gumamit ng alternatibong solusyon at pansamantalang solusyon upang malaman ang pag-update sa estado ng kalusugan (tulad ng pag-text na serbisyo na inilalaan ng Tawakkalna na aplikasyon)
- Tingnan ang temperatura ng kostumer sa mga pasukan at hindi papasukin ang mga tao na mayroong 38 degrees Celsius pataas
- Huwag papasukin ang mga kliyente na hindi nagsusuot ng mask o kung ano pa man na nag tatakip sa kanilang ilong o bibig
- Maglagay ng floor sticker upang ma organisa ang pagsikip ng lugar upang masiguro na may espasyo mula sa kostumer (tulad ng: pasukan, labasan, elevator at palikuran)
- Alamin ang bilang ng tao na pumapasok sa bawat tindahan [Isa na kostumer sa bawat 9 square meter sa loob ng espasyo ng tindahan] at paglagay ng mga karatula na naghahayag ukol sa kapasidad ng pasilidad

Kung ang Tawakkalna na aplikasyon, website, and text messaging service ay wala:

- Makipagugnayan sa customer service ng Tawakkalna na aplikasyon at ipagbigay alam ang tungkol sa sira
- Tingnan ang temperatura ng kostumer sa mga pasukan at hindi papasukin ang mga tao na mayroong 38 degrees Celsius pataas
- Huwag papasukin ang mga kliyente na hindi nagsusuot ng mask o kung ano pa man na nag tatakip sa kanilang ilong o bibig
- Maglagay ng floor sticker upang ma organisa ang pagsikip ng lugar upang masiguro na may espasyo mula sa kostumer (tulad ng: pasukan, labasan, elevator at palikuran)
- Alamin ang bilang ng tao na pumapasok sa bawat tindahan [Isa na kostumer sa bawat 9 square meter sa loob ng espasyo ng tindahan] at paglagay ng mga karatula na naghaha yag ukol sa kapasidad ng pasilidad.

14. Mga Madalas Itanong

1- Paano ako gagawa ng account sa Tawakkalna na aplikasyon?

Pagtapos i-download ang aplikasyon, piliin ang new user, at piliin ang iyong ID number o numero ng tirahan at araw ng araw ng kapanganakan, at pindutin ang "Agree to Terms & Conditions" na kahon upang makatanggap ng verification message sa iyong mobile phone

2-Ang Tawakkalna na app ba ay sapat upang makapasok sa mga mall at pampublikong lugar?

Ang mga hakbang sa pag-iingat ay dapat sundin, kasama sa Tawakkalna app, ito ay paraan upang patunayan ang kondisyon ng iyong kalusugan.

3- Ano ang target na mga grupo para sa serbisyo na ibinigay ng Tawakkalna na app?

Ang aplikasyon na ito ay para sa mga indibidwal, kung sila ay mamamayan o resident, bilang karagdagan sa pagiging mga kasapi ng mahahalagang entity na bukod sa publiko at pribadong sector.

4- Itong serbisyo na ban a ito ay available sa "Absher" na platform o iba na aplikasyon?

May iba pa bang paraan upang magamit ang serbisyo? Ang serbisyo ay magagamit lamang sa tawakkalna na aplikasyon, ang ibang platform o aplikasyon ay hindi maaaring gamitin.

5- Ano ang ibang serbisyo na kasulukuyang inilaan gamit ang aplikasyon?

Kilalanin ang katayuan ng kalusugan ng gumagamit, paguulat, at permit.

6- Ano ang kahalagahan ng mga may kulay na mga code na lumilitaw sa pangunahing screen?

Itong code ay aprubadong pamamaraan upang patunayan ang kalagayan ng kalusugan ng mamamayan at residente, ang berde ay sumisimbulo na hindi pa siya nahawaan, ang kahel ay para doon sa mga nagkaroon ng contact sa nahawaan na tao, at ang brown ay para dun sa nahawaan.

7- Ang bisita ba ng kaharian ay maaaring magrehistro sa tawakkalna na app?

Oo, pwede gamit ang kaniyang passport number, at pumili ng klase ng gumagamit (bisita/ residente ng gulf) at kompletuhin ang proseso ng pag rehistro.

8- Kailan ako maaaring kumuha ng permit sa pagtitipon?

Ang permit sa pagtitipon ay maaaring gamitin ng mga indibidwal sa loob ng kaganapan na nag ho-host sila ng isang espesipikong okasyon, tulad ng: kasal, lamay, at iba pa, habang sumusunod sa instruksyon ng Ministry of Interior

9- Ano ang mga kailangang permit upang makakuha ng pang gobyerno o komersyal na permit para sa pagtitipon?

Mga kinakailangan:

Alamin ang pangalan ng lugar kung saan ang pagtitipon ay gaganapin.

Alamin ang dami ng bisita o empleyado sa pinapayagan sa lugar.

Magdagdag ng awtorisadong tao upang tingnan ang permit (opsyonal)

Alamin ang tinatayang radius ng lugar (na may minimum na 200 metro)

Alamin ang lokasyon sa mapa

Humingi ng permit

10- Para sa mga madalas itanong, maaari kayong bumisita sa website ng aplikasyon

<https://ta.sdaia.gov.sa>

15. Makipag-ugnayan sa Amin

Mukatafa Company

Telepono: 0593676240

E-mail: covid19-@mukatafa.com

Twitter: [@mukatafadvocacy](https://twitter.com/mukatafadvocacy)

Tawakkalna Application

Telepono: 800128999

E-mail: contact@tawakkalna.gov.sa

Twitter: [@TawakkalnaApp](https://twitter.com/TawakkalnaApp)

